
Sa Ritmo ng Rodilyo

## TUNGKOL SA PABALAT

Ipinapakita sa pabalat ng “Sa Ritmo ng Rodilyo” ang isang larawan ng roller coaster o rodilyo na tumutuko sumasalaysay sa mga uri ng paghihirap at problema ng bawat tao sa mga nagdaraang panahon.
Inilalarawan naman ng mga magkakaibang kulay sa himpapawid ang apat na seksiyon ng nasabing akda ang Liwayway, Hamon, Pagaspas, Takipsilim at ang pag-asang makakamtan sa likod ng mga ito.

**SA RITMO NG RODILYO**
Book Cover & Layout by Boris Sebastian C. Lontabo
Photos by Cristine M. Yabes and staffs

# para sa may hawak ng libro

# Editor's note

Malugod naming inihahandog sa inyong mga estudyante, guro, at mga mamamayan ng bansang Pilipinas, ang bagong likhang akda ng opisyal na palimbagan ng Holy Cross College JHS Department sa taong panuruan 2020-2021.

Sa ilalim ng temang "Sa Ritmo ng Rodilyo", naglalaman ito ng mga panulaan na sumasaklaw sa mga problema at krisis na kinakaharap natin sa pangaraw-araw nating pamumuhay.

Hinihiling ng buong patnugutan ng Crucian Ray na inyong damhin at isapuso ang pagbabasa ng mga tulang naisulat nang sa gayon ay mabuksan ninyo ang mga nakatagong kahulugan nito.

Masiyahan nawa kayo sa bawat tulang sasalamin sa kuwento ng inyong sariling buhay.

# Liwayway

- Para
sa unang
seksiyon ay
mababasa ang
mga panulaang
may temang Liwayway
na katumbas ng "Dawn"
sa salitang Ingles o ang
panimula ng isang bagong
araw.

Kasabay ng unti-unting paglisan
ng dilim, ay ang muling pagsikat ng
panibagong araw. Nagbabadya ng isang
natatanging tanda ng isang bagong umaga
para sa lahat ng mga tao at iba pang nilikha.

Mula sa maraming kasawian at pagsuko,
magbibigay pag-asa ang pag-usbong ng liwayway
upang kadiliman ng buhay ay muling maliwanagan.

# Pagkakataon

Lyssa Denise G. Castro


Cristine M. Yabes

Kadalasa'y **kasiyahan** ngunit ito ay hindi
habang buhay.
Mayroon ding suliranin na dahilan ng pagkakalumbay,
maaaring dahil sa isang pagkakamali,
o mga bagay na ginawa mo nang walang pag-aatubili.

Ngunit sa bawat araw na iyong sasalubungin,
huwag kang mag-alala dahil ito ang pagkakataon na
iyong tatahakin.
Marami pang segundo at minuto ang papatak sa orasan
ng 'yong buhay,
kaya't baunin ang aral at dalhin sa paglalakbay.

# Alapaap




Barbarra Sophia M. Panlilio

Ala-ala ng alapaap
Ang kaba at takot sa dibdib
Nang isang gabing malamig
Kung saan buhay ay nanganib.

Nais abutin ang pangarap
Ang mithiin na sa langit sinulat
Ito'y hindi pangkaraniwan
Sapagkat buhay ang pinaglalaban.

Isang paa'y animo'y nakabaon sa lupa
Pagbalat kayo kaniyang ginagawa
Sa tuwing kailangan nang maghanap-buhay
Upang maabutan muli ang bukang liwayway.


Cristine M. Yabes

# Breathe

Marjorie L. Sapnu

Life is full of challenges
It's not always a bed of roses
There are some pain
But there's also a rainbow after the rain.

This ride is too rough
So always be tough
This ride is unsure and deadly
But breathe, and live your life freely.

# Creation

Mekhaylle Joie D. Gonzales

A sky so blue
a sun that's so bright
after all that we've been through
to win this fight.

Things may never
be the same
and that makes
everyone sad
at the end of the
day,
we still have
God.






# Glow

Raj Joaquin P. Aryal

Hey old friend who always frowns
What is it that makes you feel down?
Do not cry alone again
To make you smile is what I intend.

A rollercoaster isn't going to stay up high
Neither is it going to stay down low
So wipe your tears and do not cry
Time will come that you will glow.

# Life Goes On




Boris Sebastian C. Lontabo

Heaven James D. Aquino

In this world full of pain and struggles
Always remember we can still find peace and happiness
Tears and fears will always be part of success
Tiredness and sadness don't define your weakness.

Life is precious, don't take it as a pressure
Things will get better, accept sweet gesture
Get up and fix your posture
For God will guide you and give you a better future.


Cristine M. Yabes

# The Ride

Brendalyn Mae M. Castro

Closing your *eyes* and holding on tight,
Raising your hands in the daylight.
Choosing to enjoy at the time,
Or just scream in the whole ride.

Being on a rollercoaster is like a life
Sometimes you're at the top of the world
Sometimes at the bottom of the ocean
But importantly, you're learning.

In every fearful battle
Be brave and don't let fear rule
With faith and guide from above
All these things will be gone.

No matter how scary the fall
Just face the over all
Until you soar up
And you'll be standing tall.

# Heart in Ablaze


Cristine M. Yabes

Princess Royence S. Palayon

In the midst of the rain
The sky is in vain
Birds in the cloud flee
As the storm went by the calm sea.

Did heaven perceived?
How humanity was deceived
By the unknown lashing of water
Into the depths of the river?

Open thy eyes
Redeem thy lies
Because life is one time
Wait for the true sunshine.

Set thy heart into ablaze
Faith, hold on thy courage
Because there is a perfect time
Brighter than the sky, you'll shine.

# Manlalayag

Lawrence Edrian S. Culala

Tila nasa gitna ng isang **karagatan**
Nang tayo ay naglayag kinaumagahan
Sumasayaw pa ang tubig nang dahan-dahan
At lahat tayo'y masayang nag-aawitan.

Ilang dipa ang layo sa dakong paroon
Biglang nagbago ang ihip ng panahon
Si haring araw natakpan ng kadiliman
Hagupit ng alon aming natikman.




Dito na ba
magwawakas ang
aming buhay?
Kay saklap ng tadhanang sami'y ibinigay
Panginoon! Kami'y sa Iyo dumudulog!
Kalul'wa nami'y kunin mula sa paglubog.

Isang dagli'y dilim ay naglaho
Pag-asa ng manlalayag ay 'di gumuho
Bumuka ang liwanag at humupa ang alon
Naitala itong istorya ng pagsubok at pag-ahon.

# Turn of Time



Cristine M. Yabes

Artfhe Marie Khyle S. Maliwat

You got used to be everybody's apple of the eye
Your popularity cannot lie
Even if you want to deny
All of those can't be kept by you and I.

A thunderstorm roared your life
Now that tribulations became rife
Everything went upside down
Felt nothing but the darkness of being alone.

Oh dear, remember that there is a cycle of time
All of your ups and downs are just in line
You won't always be sorrowfully rimed
You will have again your turn to shine.




# Taas Babang Pamumuhay

Fatima Joy Z. Culala

Minsan masama ang **tadhana**.
Para sa iba ito ay nagsisimula sa pagkabata hanggang pagtanda.
At hinihiling ko na sana hindi ka mawalan ng pagtitiwala.
Dahil una kang minahal ng magulang sa simula, at hanggang ngayon ay nandiyan sila para suportahan ka.

Gawin mo ang lahat ng magagawa mo habang
kaya mo pa.
Dahil hindi pa man dumadaan ng dalawang
segundo ay puwede yan mawala.
Sana hindi ka mawalan ng pagasa.
Dahil lahat ng problema ay kayang lutasan dahil
iniisip mo ito ay kaya.

Parang roller coaster ang buhay diba?
Sa simula easy-easy lang, tapos biglaang pataas,
pababa, pataas, pababa.
Mabibigla ka na lang kung bakit ikaw ang
pinaparusahan sa bawat mabilis na ikot ng mundo
Pero sa huli bubuksan mo ang mga mata mo
sa isang mundo na mala-paraiso, kung saan
nagsimula at saan natapos ang mahabang takbo
ng roller coaster mo.

# Hamon

- Hango sa tunay nitong kahulugan ang pangalawang seksiyon ng literaturang “sa ritmo ng rodilyo” na umiikot sa mga mapanghamon na pagsubok na dinaranas ng bawat isa sa mundo.

Nilalaman nito ang bawat pagtitiis at mga sakripisyo ng lahat na walang pinipiling edad at pagkakataon.

Gayunpaman, taglay pa rin natin ang determinasyon at siklab ng damdamin sa gayo’y malagpasan ang mga nakaambang hamon na nakatala habang lumilipas ang panahon.

# A Writer's Walk




Barbarra Sophia M. Panlilio

We've been there, we've been that
Experienced some loses and some ups
Been down there, alone we we're
Been up there, everybody rushed

Writing news, editorials, and some features
Broadcasting about different cultures
Those things were journos' signatures
But do people know the obstacles of our
adventures?

Stand up and walk into your path
Continue the journey you have
Take things slow and do not rush---
It is better to be slow and to be sure,
Than to rush and be immure.

# Bagyo ng Buhay

Artfhe Marie Khyle S. Maliwat

Simoy ng hangin o kay sarap langhapin
Ngunit ngayo'y kay hirap mo nang lasapin
Sa paligid, mukha ay may pananggalang
Buhay ay dito nakasaalang-alang.

Ano't tila problema'y 'di nauubos
Ang pag-asa ko'y malapit nang maupos
Ang enerhiya ko'y tila pinupulbos
Ito na yata ang sa aki'y tatapos.

Ang sabi nila buhay ay umiikot
Bakit tila ako'y tuluyang nilugmok
Suliranin sa aki'y laging nag-aamok
Anong liwanag pa dito'y mapupulot?

Noong dumilat ang
aking mga mata
Kasabay ng
paggising ng aking
diwa
Liwanag na ito ay
nakakatulala
Dala nito'y isang
magandang balita.


Paulo G. Guevarra

Salita Mo pala ang aking kailangan
Para pagsubok na ito'y malampasan
Sana marami pa nito'y makarinig
Upang hagupit ng buhay ay madaig.

# Guryon

Shin L. De Guzman



Cristine M. Yabes

Magandang tignan masarap sakyan
Sa umpisa palang alam kong ako'y mahihirapan
Ngunit mas pinili ko itong sakyan
Dahil sa kasiyahang gustong maranasan.

Sa kasalukuyan nitong pag-taas
Nasa isip ko'y ako'y ligtas
Ngunit makalipas ang ilang sandali,
Nalaman kong ako'y nagkamali.

Sa mundong ikutan
Alam kong mararanasan kong masaktan
Minsan kailangan kong bumaba para magpahinga
Dahil di sa lahat ng oras ako’y masisiyahan pa.

Ngayon matatapos na ang aking kahirapan
Madarama ko na ang nais kong kasiyahan
Ngunit ang sarili ko’y parang lumulutang
Na parang ako’y naglalayag sa gitna ng karagatan.

At ngayon tapos na ang paghihirap ko
Ngunit sa pagbaba ko
Ako’y nakaramdam ulit ng hilo
Sabi ko sa sarili ko,
Hindi ko na muling gagawin ito.


Cristine M. Yabes

# Hagdan

Hazel Anne M. Pangan

Nang umpisahan ang mga libangan
Habang kami'y humahakbang pa lang sa hagdanan
Iba't ibang pagsubok na ang naranasan
May mga karanasang hindi makalimutan.

Ang unang hakbang talaga ang pinakamahirap
Mataas, matirik, at kailangan magsumikap
Habang patuloy na lumalaban at sumusulong
Mahuhulog ka at maaaring walang tumulong.

Kahit madapa, masaktan at masugatan
Pipilitin pa ring bumangon at ituloy ang nasimulan
Dahil kapag narating na ang patutunguhan
Ang saya ay hindi matutumbasan.

Ang buhay kailanman hindi magiging madali
Magiging masaya ka at patuloy na ngingiti
Masasaktan, malulungkot at mawawalan ng gana
Ngunit ang saya at lungkot ay patitibayin ka.

# Life




Shin L. De Guzman

Life is like a rollercoaster,
You don't know where it ends
There are ups and downs
and so many bends.

Sometimes steady and easy going,
Sometimes swift and fast
Sometimes it's really hard to breathe
But sometimes you have a blast.

Don’t close your eyes, and be lost
Don’t hang on to pangs of the past
It’s gonna be painful the game lasts
Life goes on, and does go fast.

Your friends wil act as a safety bar
And keep you strapped in tight
especially after you reach the top
And plummet from a height.

Whether the wind is racing in your face
Or your ride comes to a halt
Or you stand there in a race
Thinking it was always your own fault.

Just smile and laugh and get on with life
For you don’t know when it ends
You will get through the ups and downs
And all the little bends.




# The Final Journey

Lawrence Edrian S. Culala

No one knows what lies ahead that road
You start to sing and jump like a toad,
Even tears, falling down through your eyes
You have marked a pledge that never dies.

Until you reach that peak of mountain
Despite being alone full of pain
And being sick walking through the rain
You are still, like a flowing fountain.

And your journey has come to an end
This long voyage made you a legend
At last you have reach your destiny
To fight ahead on that road of journey.

# Pag-usbong

Aince Dhemrick W. Lapuz



Cristine M. Yabes

Minsan ang **buhay** ay hindi madali
Ang inaapakan mo minsan
hindi mo alam ito'y biglang nababali
Minsan akala mo tama ka, ngunit sa mga susunod
na dagli,
nalaman mo na ikaw pala ay mali.

Ang buhay natin ay parang hagdanan
Gagawin mo lahat upang maiangat mo ang iyong pamilya
Minsan kapag ikaw ay umaakyat, may oras na ika'y madarapa
At sa pagkadapa mo na iyon, may tutulong sa iyo,
Yan ang iyong pamilya.

Kaya minsan kailangan mong magkusa
Kailangan mo ring tumulong sa iyong kapwa
Upang sila'y laging nariyan
Para ika'y akayin at tulungan.

Nang marating mo ang itaas
tila panaginip na nakamtan sa wakas
isang tinig na nagwika sa iyong harapan,
"Ang iyong kabutiha'y walang hanggan
dahilan upang pangarap na pinaghirapan
ay iyong makamtan".




# Victory

Kyle A. Trinidad

**Life** is riddled with ups and downs
Be optimistic and the ups would be better than the downs
The key is to take advantage of the good times
And to be brave in getting through the bad times

Fetching an achievement is climbing
Don't quit fighting
Life is a kind of roller coaster it makes you vulnerable and better.

# Pagaspas

- Gaya
ng isang
munting agila
na hangarin ay
malayang lumipad
sa ibabaw ng mga
ulap at himpapawid, ang
mithiin nating makaahon
sa mundong nababalutan ng
nakalalasong paligid.

Sa seksiyong ito matatagpuan ang pag-aalay ng sariling buhay, pawis, at dugo para sa iisang layunin nating mga anak ng Inang Bayan, at ito ang maging malaya.

Dalangin na tumubong muli ang ating mga pakpak sa pagdating ng tamang panahon, mga pakpak na hindi titigil sa pagpapagaspas marating lamang ang sukdulan ng minimithing tagumpay.

# Ikot Ng Mundo

Brendalyn Mae M. Castro

Sa **mundong** kinatatayuan at sinilangan,
Diyos ang lumikha nang may kapayapaan.
Sa buhay na puno ng kasiyahan,
'Di mawawala ang kalungkutan.

Problema'y ating kasa-kasama,
Tayo'y 'wag dapat magpadala.
Ito'y munting paalala,
Sayo ay aking laging ipapadala.

Sa bawat ngiti at halakhak,
Mayroong naiiba ang halimuyak.
Diyos ay may balak,
Sa iyo ngayo'y magbibigay galak.

Sa bawat taon na lumilipas,
Tapang nati'y wala pa ring kupas.
Sa mga problemang dinaranas,
Laging nakakahanap ng lunas.



Cristine M. Yabes




# Give up on making me give up

Claire Margaret D. Garcia

The Sun is shining
Like how my desire is burning
People noticed it
And kept killing like this is not a lit.

Myself wants to surrender
But I keep resisting to be under
How can I escape from these people?
I keep saying that it's impossible.

I think my effort is are pointless
Like I have no progress
Everyone wants me to give up
But I don't go back on my words when the battle is just heating up.

Until I become the woman that I know I can be
I will never gonna die
This is not the time for me to stop
This is the time that haters should be the one to shut up.

# Kapit

Marjorie L. Sapnu

Ang sakit sa ulo, nakakahilo
Itong pag-ikot ng sasakyang rodilyo
Saan ang patutunguhan?
Walang kasiguraduhan.

Sa bawat pagliko nito,
Alinlangan ang nararamdaman mo
Sa bawat pagtaas nito,
Hindi ka na nakakasiguro.

Sasakyang rodilyo'y parang buhay lamang 'yan
Paulit ulit at hindi malalaman
Kung kailan ba mahihinto
Ang ikot nito at ang gulo.

May araw na ikaw ang nasa itaas
Nasa ibaba sa ibang oras
Ngunit kapag sa itaas ay magulo na
at pagod ka na
Kumapit ka, at huwag mag-
aalinlangang bumaba.



Cristine M. Yabes




# Lilipad Muli

Raj Joaquin P. Aryal

Hindi ba kahapon lang ay ang taas ng **lipad** mo?
Anong nangyari, bakit nakakunot na ang iyong noo?
Ikaw ba ay nagkamali kaya't bumagsak?
O baka nama'y hinila kaya ka lumagapak.

O munting ibon 'wag mo nang masyadong didibdibin
Lalo lamang itong makakasakit sa iyong damdamin
Hindi naman natin maiiwasan sa buhay ang ganyan
Kaya ang dapat mong gawin ay ito ay pagnilayan.

Walang sinuman ang laging mananatili sa taas
Kaya ikaw ay mag-ipon na lamang ng iyong lakas
Darating din ang araw na ika'y lilipad muli
Makakabangon din tayo sa pagsubok nitong sandali.

# Reflection

Hazel Anne M. Pangan



Cristine M. Yabes

As I look at myself in the mirror
Happiness and joy are visible, and there's more
But I realized one important thing
That pain will always be there, waiting.

Life is not as easy as I think
It will swallow you, whole that you will sink
Trying to resist all the negativities
And I think of all the better possibilities.

There are times that I want to quit
Because every day is on repeat
These problems make me cry
I always fail, even if I try.

As I look at myself in the mirror
Hardships and struggles are visible, its horror
But I realized one important thing
That I should not stop trusting and believing.

# Riles ng tagumpay


Cristine M. Yabes

Janiro Hugh E. Mangalus

Maraming **bagay** ang gumugulo sa ating isipan.
Mga katanungan na tayo lamang ang makakapagbigay ng kasagutan.
Mga kasagutan na sa pagtanda unti-unting natutuklasan.
Matutuklasan sa bawat pagsubok na pagdaraanan.

Ano nga ba ang konsepto ng buhay?
Isa sa mga tanong na pumapasok sa aking isipan tuwing ako'y nalulumbay.
Para sa iba, ang buhay ay dapat lagi kang matagumpay.
Ngunit sa pagtanda, ang tagumpay ay ang mabuhay kang matiwasay.

Mga kasabihan ay tinuro na mula pagkabata.
Ang buhay ay parang gulong na isa sa kasabihan na dala hanggang pagtanda.
Tulad ng gulong ang buhay ay nasisira.
Ngunit kailangang ayusin upang magkaroon ng bagong simula.

Napakaraming pagsubok na kusa lamang dumarating.
Maraming mga aral na sa atin ay ipinaparating.
Mga problema'y lagi nating dinaraing.
Maging matiyaga lamang dahil darating din ang iyong pagningning.



Barbarra Sophia M. Panlilio

# Tanikala

Barbarra Sophia M. Panlilio

Natatanaw ko na ang *rodilyo*
Mukhang malapit na ako sa Paraiso
Makakamtan ko na ang walang hanggang
kasiyahan
Mapuputol na ang lubid ng kasakitan
Ngunit teka, wari'y ako'y 'di na maka-usad
Animo'y sa akin ay may pumipigil na lumakad
Hindi pa pala ako tuluyang nakalaya
Sadyang mahaba lamang ang tanikala.

# Will the sun rise again?

Ruth Marie E. Padilla

The virus spread so fast
When will it last?
Maybe a year?
It is not so clear.

COVID 19'as it is called
Virus that's uncontrolled
It is playing a hide-and-seek game
And we are not supposed to be blamed.

It can be transmitted to anybody
So we need to be ready
Our population is decreasing
And we are all suffering.

Our world is like a dead city
The streets became empty
We can't be in for so long
So we need to be strong.

This moment is a nightmare
And our world is seeking for fare
Everyone needs a check up
But all we want is to wake up.



Ruth Marie E. Padilla

# Takipsilim

- Sa
pagdako
natin sa
pang-wakas
na seksiyon
"Takipsilim", ibaon
sa inyong puso at
isipan na kahit ang
paglubog ng araw ay may
ikinukubling kagandahan sa
paglisan nito.

Takipsilim man ay
nangangahulugang paglubog ng
araw "Nightfall" sa Ingles, ipinapabatid
pa rin nito ang isang hudyat ng maraming
pagbabago habang mahimbing na
nakahimlay hanggang sa pagmulat ng mga
mata.

At sa huli, isinisimbolo nito ang katatagan ng isang
tao na marating ang kaniyang kapalaran matapos ang
mahabang araw na paglalayag sa malawak na karagatan,
kahit sa unos man ay handang makipagsapalaran.

# Biyahe

Claire Margaret D. Garcia



Claire Margaret D. Garcia

Inimbitahan ako ng aking munting **kaibigan**
upang pumunta sa isang palaruan
Ngunit hindi ko inaasahan ang aking namataan , isang
roller coaster na aking kinakatakutan
Nagiisip kung paano ito tatakasan.

Nag-aalinlangan kung ako'y handa na sa pagsubok na aking pagdadaanan
Subalit naisip mo na ba? Na ang roller coaster ay parang ikot lang ng ating mga buhay yan
Kung hindi mo tatatagan ang loob mo, hindi ka magtatagal.

Tulad ng roller coaster, sa buhay konti lang ang iyong makakapitan sa panahon ng kagipitan
Ngunit kung hindi mo ito hihigpitan mawawala ito ng sapilitan
Kaya pahalagahan ang mga nasasandalan  para maging matatag na walang hanggan.

Pagkatapos malagpasan ang mga nakakahilong suliranin
Panibagong palaruan naman ang aking kikilalanin
At gagamitin ang mga bagay na aking  nasalin.




# Candle lights

Boris Sebastian C. Lontabo

The room of **mine**,
So spacious and glamorous,
Each thing it contains is very precious.
Lights that illuminates,
Warmth that embraces.

Never the room has been so dark,
Never has the room been so cold,
Every now and then I feel old,
But the memories of the past holds.

With each step closer,
Silence falls,
Once it was the loudest,
Now has the earnest silence.

The lights that I called hope,
The loudness that marked home,
Never have I said farewell,
To the things that make me whole.

# Experiencing The Ferris Wheel

Fatima Joy Z. Culala

There are two *sides* of a coin, head and tail.
Just like our lives that can be toxic or be lived like a tale.
We can experience pain, hardships, love, and more.
Right before we throw down our very last anchor.

We get to choose our fate,
With every decision we make.
But why is it hard? Most likely when we experience heartache
Where it feels like my emotions are being washed down the drain.

Happiness is a bliss, but so is ignorance.
So don't do impulsive things because of
your arrogance.
Because the feeling of hurting and being
hurt.
Can do so much damage
to a person who loses
belief in self worth.

And yes you are not
perfect, yet you lived a
life with a story.
And surely to others,
you are something
extraordinary.
Because you have hurt,
forgave, and you felt
pain too.
But isn't that what
makes you human,
too?



Fatima Joy Z. Culala




# Kulay ng buhay

Stefanie C. Alfonso

Ang **buhay** ay para lamang mga pampalasa
Minsan may tamis, pait, at asim
Pero kadalasan mas nangingibabaw ang pait,
Dahil sa mga dala nating sakit at galit.

Iba't iba ang estado natin sa buhay
May mga mayayaman at mahihirap
Na dati'y sila ang pinagtutuunan ng pansin
Ngunit ngayo'y parang sila ang nagiging alipin.

May mga kabataan ding nalunod sa problema,
Dahil isip nila'y sila ang masama,
Pilit silang humahanap ng solusyon
Ngunit nakita'y maling direksyon.

Pero sa kabila ng ating mga problema
Idaan nalang natin ito sa dasalan
Dahil gabay Niya'y kailangan
Upang pagsubok ay malampasan.

# Ligaya



Lawrence Edrian S. Culala

Princess Royence S. Palayon

Ihip ng hangin ay tila nag-iba
Ang bahaghari ay naging ala-ala
Ng mga masasayang nakaraan
Ngunit hindi na muling mararanasan.

At aking tinanong ang ulap
Ako'y nagpaalapaap
Ligaya, kailan kita muling masisilayan?
Kailan kita muling mahahagkan?

Sa bawat paghinga
At sa bawat pagdilat ng mata
Muli, ako ay tatayo
Sa gitna ng hagupit ng bagyo.

At nawa'y muli kitang makita
Aking minimithing nagmula sa tala
Balang araw ay mapapasaakin ka
Aking inaasam na ligaya.


Cristine M. Yabes

# Simple turns

Boris Sebastian C. Lontabo

The sun sets for the **moon** to breathe,
Seasons change from autumn to the winter breeze,
The cycle of day and night won't always be the same,
Roads of fate that circle and turn so unpredictably,
Even the sadness of the past can be the happiness of today.

# Gulong ng buhay

Maria Allison B. Flores

Kami'y *naglalakad* sa isang banda,
Patungo sa isang libangan
na gusto naming gawin
Nang makarating na roon,
Tuwa't saya sigla nararamdaman.

Eto na at aapak na sa tuntungan,
marahan uupo at kakapit ng husto,
magsisimula nang umandar,
Lilingon mga mata at magtitinginan,
Ilang segundo na lamang lalakad na.

Sa umpisa pa lamang napapasigaw na
mga buhok at mukha napapalungkot- lukot na
Ramdam ko na ang hilo
parang ibon na paikot- ikot sa ulo
‘di na alam ang gagawin
kundi maghihintay kung kelan matatapos.

Dumating na nga yung oras ng pagtatapos,
tila ‘di na makatayo
mga mukha parang tulala
at ang isip ay umiikot- ikot parin
at ika’y matutumba.

Ang pagsakay ng roller
coaster
sa una masaya
pero habang tumatagal
hirap ang iyong
madarama.



Cristine M. Yabes




# Think about it

Precious Anne A. Edejer

Think about your **failures**
more than your successes
Not to overthink where you fell short,
but to learn the valuable lessons
that will ensure, you'll not fail
the same way again

# What's Life?

Precious Anne A. Edejer




There are many types of **happiness**
but I do believe that
the simple ones
will definitely give the most satisfaction




# Kinabukasan

Cristine M. Yabes

Ito na ang pagkakataon
Na itinadhana ng panahon
Oras na para iwan ang kahapon
At tanggapin ang bagong hamon.

Malabo man ang bukas
Hindi ito magwawakas
Pag-asa ay papagaspas
Magtitiwala sa itaas.

Maykapal magiging sandalan
Panghahawakan ang kapalaran
Hanggang pangarap ay makamtan
Mahirap man hulaan ang kinabukasan.

blangkong papel para sa tula ng iyong puso

# CRUCIAN RAY

## Patnugutan

TAONG PANURUAN
2020-2021

**PUNONG PATNUGOT**
Lawrence Edrian S. Culala

**PANGALAWANG PATNUGOT**
Janiro Hugh E. Mangalus

**TAGAPAMAHALANG PATNUGOT**
Barbarra Sophia M. Panlilio

## MGA KONTRIBYUTOR

Aince Dhemrick W. Lapuz
Artfhe Marie Khyle S. Maliwat
Boris Sebastian C. Lontabo
Brendalyn Mae M. Castro
Claire Margaret D. Garcia
Fatima Joy Z. Culala
Hazel Anne M. Pangan
Heaven James D. Aquino
Kyle A. Trinidad
Lysa Denise G. Castro
Maria Allison B. Flores
Marjorie L. Sapnu
Matthew Jacob S. Sebastian
Mekhaylle Joie D. Gonzales
Paulo G. Guevarra
Precious Anne A. Edejer
Princess Royence S. Palayon
Raj Joaquin P. Aryal
Ruth Marie E. Padilla
Shin L. De Guzman
Stefanie C. Alfonso

## GURONG TAGAPATNUBAY

Cristine M. Yabes


HOLY CROSS COLLEGE
IN HOC SIGNO VINCES
FOUNDED 1945
STA. ANA, PAMPANGA
FIDES • CARITAS • LIBERTAS
Sa Ritmo ng Rodilyo